ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

EPEKTO NG MULTIMODAL NA KAGAMITANG PAGKATUTO SA UGNAYAN NG MIDYA LITERASI AT PAGKATUTO NG WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA BSED FILIPINO NG LOKAL NA KOLEHIYO SA KAPALONG

Erica T. Taganahan[1], Jezil Joy C. Apolinar, LPT[2]
[1]*ORCID No. 0009-0001-5777-0327*
Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines
[2]*ORCID No. 0009-0002-7360-7164*
Instructor, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19780
DOI No: 10.36713/epra19780

ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang epekto ng multimodal na kagamitang pagkatuto sa ugnayan ng midya literasi at pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa BSEd Filipino ng lokal na kolehiyo sa Kapalong. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng isang kwantitatibong di-eksperimental na disenyo ng pananaliksik, na gumagamit ng deskriptibong korelasyonal na teknik at analisis ng mediation. Ginamit ang stratified random sampling at Slovin's formula na may 0.05 margin of error para sa sample size, ang sampol na 177 ay random na pinili na mga mag-aaral sa BSEd Filipino na sinagutan ang mga sarbey sa tatlong baryabol. Ipinakita ng resulta na ang antas ng midya literasi, pagkatuto ng wikang Filipino, at multimodal na kagamitang pagkatuto ay pawang mataas. Isiniwalat din sa resulta na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng midya literasi at pagkatuto ng wikang Filipino, midya literasi at multimodal na kagamitang pagkatuto, multimodal na kagamitang pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino. Karagdagan, ipinakita ng resulta na ang multimodal na kagamitang pagkatuto ay hindi bahagyang nakakaapekto sa ugnayan ng midya literasi at pagkatuto ng wikang Filipino. Ipinapahiwatig nito na ang mga mag-aaral ay dapat maghanap ng iba pang salik na makatutulong sa kanilang pagkatuto ng wikang Filipino at hindi lamang tumuon sa midya literasi. Lumabas man sa resulta na walang epekto ang multimodal na kagamitang pagkatuto, ngunit mayroon namang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng midya literasi at pagkatuto ng wikang Filipino, kung saan sa kasanayan sa midya ay nandyan pa rin ang multimodal na kagamitan upang mas umunlad pa sa literasiyang ito. Kaya iminumungkahi pa rin na palawakin ang pagsasanay sa pagsasalin ng mga kaalaman mula sa teksto tungo sa iba't ibang anyo ng kagamitan o vise versa upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino.

MGA SUSING SALITA: *multimodal na kagamitan, kagamitang pagkatuto, midya literasi*

INTRODUKSYON

Ang pagkatuto ng wika ay isang proseso na nagbibigay-daan sa indibiduwal na magtagumpay sa pakikipag-ugnayan sa iba, pag-unlad sa edukasyon, at pag-angat sa iba't ibang larangan ng buhay. Ang pagpapatuloy na paggamit nito ay lubos na nagpapabuti sa pang-unawa, at gumagabay din sa mga mag-aaral sa kolehiyo sa mga kumplikadong paksa sa kurikulum na nangangailangan ng mataas na antas ng pag-iisip (Renegado, 2022).

Sa Unibersidad ng Osaka, kadalasang. hamon ng mga mag-aaral na Hapones at Filipino na may mayoryang Filipino sa pagbuo ng pangungusap ay ang paggamit ng panghalip, panlapi, aspekto ng pandiwa, at ayos ng pangungusap na natukoy sa kanilang papel na ipinasa mula 2019 hanggang 2022 (Yamoto, 2023). Dagdag pa, ang mga materyales sa pag-aaral ng Filipino na ipinaliliwanag sa Nihonggo ay limitado. Karamihan ay dinisenyo para sa mga nagsasalita o nakakaunawa ng Ingles. Ang pag-access at paggamit ng mga kagamitang ito ay nagdulot ng pagsubok para sa mag-aaral na Hapones at Filipino na lumaki roon na nais matuto ng wikang Filipino, lalo na sa mga nasa antas ng katamtaman lamang (Yamoto, 2022).

Sa Pilipinas, partikular sa paaralan sa lungsod ng Tarlac, isinagawa ang isang pag-aaral na sinuri ang pagkatuto ng wikang Filipino ng tatlumpu't anim (36) na mag-aaral sa senior high school hinggil sa gramatika, pagbasa, at bokabularyo. Sa gramatika, natukoy na 52.8% ang may kahirapan sa paggamit ng "ng" at "nang", kung saan labimpito lamang ang nakasagot nang tama. Sa pagbasa, lumabas na 16.7% ng mga mag-aaral ang nasa mababang antas, habang sa bokabularyo naman ay may 13.9% ang nasa mababang antas. Inilahad sa pag-aaral na ang mga mag-aaral ay hindi pa masyadong bihasa sa wikang Filipino at kinakailangang ipagpatuloy pa rin ang pagkakaroon ng asignaturang Filipino sa kolehiyo (Bautista et al., 2019).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Layunin ng Pananaliksik

Sa pananaliksik na ito ay susuriin ang epekto ng multimodal na kagamitang pagkatuto sa ugnayan ng midya literasi at pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa BSEd Filipino ng lokal na kolehiyo sa Kapalong. Sa partikular, tatalakayin nito ang sumusunod:

1. Matukoy ang antas ng midya literasi ng mga mag-aaral ayon sa:
    1.1 pag-access ng midya;
    1.2 pagsusuri ng midya;
    1.3 pagtatasa ng midya;
    1.4 paggamit ng midya; at
    1.5 paglikha ng midya.
2. Matukoy ang antas ng pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral batay sa:
    2.1 pagpapaunlad sa pagkalahatang antas ng kaalaman sa wikang Filipino;
    2.2 pambokabularyong pagkatuto;
    2.3 gramatikang pag-aaral;
    2.4 pagbabasa;
    2.5 pagsusulat; at
    2.6 pagsasalita.
3. Matukoy ang antas ng multimodal na kagamitang pagkatuto ayon sa:
    3.1 pagpapahayag ng sarili gamit ang estrukturang multimodal;
    3.2 interpretasyon ng nilalaman na iniharap sa estrukturang multimodal; at
    3.3 pinipiling multimodal na estruktura.
4. Matukoy ang mahalagang ugnayan sa pagitan ng:
    4.1 midya literasi at pagkatuto ng wikang Filipino;
    4.2 midya literasi at multimodal na kagamitang pagkatuto; at
    4.3 multimodal na kagamitang pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino;
5. Matukoy ang epekto ng multimodal na kagamitang pagkatuto sa ugnayan ng midya literasi at pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa BSEd Filipino.

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibong di-eksperimental na disenyo ng pananaliksik, na gumagamit ng deskriptibong korelasyonal na teknik at analisis ng mediation. Ang mediating na baryabol ay mga kayarian na may kaugnayan sa pag-uugali, biyolohiya, sikolohiya, o mga sosyal na salik na naglilipat ng epekto ng isang variable sa isa pa.

Ang analisis ng mediation ay tumutukoy sa proseso kung paano naiimpluwensiyahan ng isang baryabol ang isa pa. Ang di-eksperimental na pananaliksik ay walang manipulasyon ng malayang baryabol o pasumalang paglalaan ng mga kalahok sa iba't ibang kondisyon. Mahalaga ring iwasan ang pag-uugnay sa mga pamamaraang ito batay lamang sa kanilang kakulangan (Price et al., 2014).

Ang korelasyong pananaliksik ay nasa ilalim ng kategorya ng di-eksperimental na pag-aaral, kung saan sinusuri ng mananaliksik ang dalawang baryabol at tinatasa ang kanilang istatistikal na ugnayan na may kaunti o walang pagtatangkang kontrolin ang mga *extraneous* na salik. Ang pinakasimpleng anyo ng pagsusuri ng mediation ay kumakatawan sa pagdaragdag ng ikatlong variable sa ugnayang X→Y na ito, kung saan ang X ay nagiging sanhi ng *mediator*, M, at nagiging sanhi ng Y, kaya X→M→Y (MacKinnon et al., 2007).

Ang malayang baryabol sa pag-aaral na ito ay ang midya literasi habang ang di-malayang baryabol naman ang pagkatuto ng wikang Filipino, at ang mediating baryabol ay ang multimodal na kagamitang pagkatuto. Sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay sinuri ang ugnayan sa pagitan ng midya literasi at pagkatuto ng wikang Filipino, at ang epekto ng multimodal na kagamitang pagkatuto sa ugnayan ng midya literasi at pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa BSEd-Filipino.

Lokasyon at Respondente ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay ginawa sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology (KCAST), isang lokal na kolehiyo sa Mindanao. Ang mga mag-aaral sa kursong Bachelor of Secondary Education medyor sa Filipino ng Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology ng taong panuruan 2023-2024 na may kabuoang bilang na 327 ang pinili bilang respondente sa pananaliksik na ito. Ginamit ang stratified random sampling na idinetalye ni Cherry (2021) bilang paraang tumutukoy sa isang subset ng mga indibidwal na pinili ng mananaliksik upang kumatawan sa isang buong grupo.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang instrumento sa pananaliksik ay naglalarawan sa mga kagamitan na ginamit upang mangalap ng data, kabilang ang mga sarbey, pagtatasa, organisadong panayam, at checklist. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang Likert scale upang sukatin ang mga sagot ng mga respondente sa isang serye ng mga pahayag kaugnay ng mga konstruktong ito.

Upang makakuha ng kinakailangang datos upang magbigay ng angkop na sagot sa mga nabanggit na suliranin na saklawin ang pag-aaral, ginamit ng mananaliksik ang isang *adapted questionnaire* nina Sari at Fiftinova (2022) para sa multimodal na kagamitang pagkatuto, *adapted questionnaire* mula naman kina Namjaidee at Dhammapissamai (2022) para sa midya literasi, at *adapted questionnaire* mula kina Tragant, Thompson, at Victori (2013), para sa baryabol ng pagkatuto ng wikang Filipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

RESULTA AT DISKUSYON

Antas ng Midya Literasi ng mga Mag-aaral sa Mayoryang Filipino

Talahanayan 2

Pag-access ng Midya	**Mean**	**Deskripsyon**
Bilang isang mag-aaral,		
1. nagagamit ko ang midya sa iba't ibang paraan at i-angkop ang mga ito sa aking pangangailangan.	4.37	Napakataas
2. ina-access ko ang midya gamit ang mga tool, kagamitan at teknolohiya ayon sa mga espesikong kundisyon.	4.29	Napakataas
3. naiintindihan ko ang mga kinakailangan sa paggamit ng midya.	4.18	Mataas
4. ginagamit ko ang midya na may wastong proseso ng paghahanap.	4.26	Napakataas
5. kaya kong bigyan-kahulugan ang midya mula sa mapagkatiwalaang mapagkukunan.	4.06	Mataas
6. natutuhan ko kung paano gumamit ng midya sa malikhaing paraan.	4.16	Mataas
7. nagbabahagi ako ng nilalaman upang lumikha ng kaalaman.	4.10	Mataas
8. alam ko ang iba't ibang paraan upang i-access ang internet midya.	3.99	Mataas
9. kaya kong maghanap ng impormasyon upang patunayan ang katotohanan sa midya.	4.00	Mataas
Kabuoan	**4.16**	**Mataas**
Pagsusuri ng Midya	**Mean**	**Deskripsyon**
Bilang isang mag-aaral,		
1. naiintindihan ko ang layunin ng pagsusuri ng midya.	4.21	Napakataas
2. mayroon akong kasanayan sa pagsusuri ng midya.	3.95	Mataas
3. kaya kong matukoy ang pagitan ng pormat at uri ng midya.	3.89	Mataas
4. kaya kong gumamit ng analitikong pangmidya.	3.82	Mataas
5. mayroon akong istratehiya sa pagsusuri ng midya.	3.87	Mataas
6. kaya kong mag-isip nang analitikal.	3.84	Mataas
7. kaya kong masuri kung alin ang totoo at kasinungalingan	4.05	Mataas
Kabuoan	**3.95**	**Mataas**
Pagtatasa ng Midya	**Mean**	**Deskripsyon**
Bilang isang mag-aaral,		
1. alam ko ang mga batayan ng pagsusuri ng midya batay sa mga layunin, konsepto at pananaw.	4.05	Mataas
2. kaya kong suriin ang impormasyon ng midya mula sa konsepto.	3.99	Mataas
3. kaya kong tasahin ang midya at bigyan-kahulugan ito sa pamamagitan ng panonood, pagbabasa at pakikinig.	3.98	Mataas
4. mayroon akong kasanayan na masuri ang midya upang matukoy kung ito ay wasto o hindi.	3.92	Mataas
5. napagninilayan ang mga resulta ng paggamit ng midya at teknolohiya.	4.01	Mataas
6. naiintindihan ko ang epekto ng midya sa mga indibidwal, lipunan at kultura.	4.09	Mataas
7. masusuri ko ang pagiging maaasahan, katapatan at kalidad ng midya.	4.04	Mataas
Kabuoan	**4.01**	**Mataas**
Paggamit ng Midya	**Mean**	**Deskripsyon**
Bilang isang mag-aaral,		
1. nakikipagpalitan at natututo ako mula sa iba't ibang mapagkukunan ng midya.	4.20	Mataas
2. nakikipag-usap ako sa iba't ibang paraan.	4.07	Mataas
3. ginagamit ko ang aking kasanayan, pamamaraan at karanasan sa pakikipagkomunikasyon.	4.10	Mataas
4. ginagamit ko ang midya sa etikal na paraan ayon sa mga tinukoy na legal na kondisyon.	4.08	Mataas
5. iniiwasan ko ang hindi totoong balita at pipiliin ang tamang mapagkukunang midya.	4.13	Mataas
6. isinasaalang-alang ko ang paggamit ng midya at gagawa ng mga pagpapasya nang naaayon.	4.16	Mataas
Kabuoan	**4.12**	**Mataas**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 6 **Paglikha ng Midya**	**Mean**	**Deskripsyon**
Bilang isang mag-aaral,		
1. may kakayahan akong lumikha ng sarili kong midya sa malikhaing paraan.	3.82	Mataas
2. maaari akong bumuo ng epektibong midya sa iba't ibang konteksto.	3.86	Mataas
3. kaya kong lumikha ng midya mula sa direktang pang-araw-araw na karanasan batay sa mga prinsipyo ng paglikha ng tamang midya.	3.81	Mataas
4. kaya kong mag-isip at mag-imbento ng midya upang tumugma sa iba pang mga paksa.	3.75	Mataas
5. makagagawa ako obhektibong midya sa malikhain at etikal na paraan.	3.79	Mataas
Kabuoan	**3.80**	**Mataas**
Indikeytor	**Mean**	**Deskripsyon**
Pag-access ng Midya	4.16	Mataas
Pagsusuri ng Midya	3.95	Mataas
Pagtatasa ng Midya	4.01	Mataas
Paggamit ng Midya	4.12	Mataas
Paglikha ng Midya	3.80	Mataas
Kabuoan	**4.03**	**Mataas**

Antas ng Midya Literasi ng mga Mag-aaral sa Mayoryang Filipino

Nagtamo ng mataas na antas ng midya literasi ang mga respondente batay sa kanilang tugon sa mga tagapahiwatig tulad ng pag-access, pagsusuri, pagtatasa, paggamit, at paglikha ng midya. Ipinapakita nito na madalas naipamalas ng mga mag-aaral ang midya literasi at batid nila ang tunguhin nito sa kanilang pagkatuto.

Umayon sa resulta ng pag-aaral ni Westman (2019) ang resulta na nagpapakita na ang paggamit ng midya literasi sa pagkatuto ng wika ay may positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Lumabas sa pag-aaral na ang mga mag-aaral na nahahasa sa midya ay nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga tekstong binabasa at mas mahusay na kakayahan sa pagsusulat.

Kaugnay din sa pag-aaral ni Yeleussiz (2024) na ang resulta ay nagpapakita na mahalaga ang papel ng midya literasi sa pagtuturo ng Ingles sa Kazakhstan, at madalas itong naipapamalas ng mga mag-aaral batay sa ebalwasyon ng mga guro. Bagaman may mga hamon tulad ng kakulangan ng materyales, limitadong oras, at pagsasanay, ipinakita ng pag-aaral na ang integrasyon ng midya literasi sa kurikulum ay may positibong epekto sa kritikal na pag-iisip at kasanayan sa wika ng mga mag-aaral.

Karagdahan, sinuportahan nina Pangrazio at Sefton-Green (2021) ang pag-aaral na mahalaga ang midya literasi sa paghubog ng mga guro. Napalalakas nito ang kanilang kakayahan sa pag-decode, pag-unawa, paggamit, at pagsusuri ng mga tekstong mula sa midya o teknolohiya. Nahuhubog din ang kasanayan nila sa pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng makabagong kagamitang panturo na nakakakuha ng atensyon ng mga mag-aaral at nasusuri nang kritikal bago ituro sa klase.

Antas ng Pagkatuto sa Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Mayoryang Filipino

Talahanayan 8 **Pagpapaunlad sa Pangkalahatang Antas ng Kaalaman sa Wikang Filipino**	**Mean**	**Deskripsyon**
Bilang isang mag-aaral,		
1. sinusubukan kong intindihin ang mga awiting Filipino.	4.37	Napakataas
2. kapag nagbabasa o nakikinig sa Flipino, binibigyan ko ng atensyon ang mga bagong salita o istuktura ng wika.	4.27	Napakataas
3. sinusubukan kong tandaan ang mga salita, ekspresyon at pangungusap mula sa mga kanta, pelikula, babasahin, atbp.	4.26	Napakataas
4. ginagamit ko ang mga bagong kaalaman sa estruktura sa pagsasalita at pagsusulat sa wikang Filipino.	4.17	Mataas
5. kapag nakakabasa ako ng mga maikling teksto sa Filipino, sinusubukan kong intindihin ang kahulugan nito.	4.24	Napakataas
6. naghahanap ako ng pagkakataon na gumamit ng Filipino sa labas ng silid-aralan, (hal. pakikipag-usap sa iba, sa internet, pagsulat ng liham, atbp.)	4.21	Napakataas
7. gumagawa ako ng iba pang mas malikhaing bagay para magsanay ng Filipino.	4.17	Mataas
8. kapag may narinig akong nagsasalita sa Filipino, nagsisikap akong malaman kung ano ang maiintindihan ko.	4.20	Mataas
9. binabasa ko nang malakas ang mga babasahin sa Filipino upang mahasa ang aking pagsasalita.	4.07	Mataas
Kabuoan	**4.22**	**Napakataas**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Pambokabularyong Pagkatuto	**Mean**	**Deskripsyon**
Bilang isang mag-aaral,		
1. gumagawa ako sa bahay ng mga listahan ng mga salita sa Filipino at pinag-aaralan ko ito.	3.87	Mataas
2. iniuugnay ko ang mga salita sa wikang Filipino sa ibang salita na magkatunog at magkasingkahulugan.	3.98	Mataas
3. isinusulat ko ang mga salita mula sa kanilang pagbigkas o gumagawa ako ng anotasyon sa mga salita.	3.84	Mataas
4. iniuugnay ko ang mga salitang Filipino sa mga imahe o mga guhit.	3.94	Mataas
5. inuulit ko ang mga salita nang malakas nang ilang beses.	3.92	Mataas
Kabuoan	**3.91**	**Mataas**
Gramatikang Pag-aaral	**Mean**	**Deskripsyon**
Bilang isang mag-aaral,		
1. binubuod at binabalangkas ko ang mga natutunan kong istruktura sa wikang Filipino.	4.03	Mataas
2. sinasaulo ko nang malakas o sa isipan lamang ang istruktura.	3.94	Mataas
3. kapag ang istruktura ay may pagkakatulad sa kinagisnang wika, isinasalin ko ito upang matuto nito.	3.97	Mataas
4. isinusulat ko ang istruktura ng gusto kong matutunan.	4.01	Mataas
5. sinasaulo ko ang mga halimbawang pangungusap upang matandaan ang balarilang aspekto nito.	4.02	Mataas
Kabuoan	**3.99**	**Mataas**
Pagbabasa	**Mean**	**Deskripsyon**
Bilang isang mag-aaral,		
1. bago ko simulan ang pagbabasa, tinitingnan ko kung tungkol saan ang teksto.	4.20	Mataas
2. sinusubukan kong intindihin ang teksto ng bawat salita.	4.07	Mataas
3. habang nagbabasa ako ng text, isinasalin ko ito sa isip.	4.10	Mataas
4. ginagamit ko ang diksyunaryo para alamin ang halos lahat ng bagong salita na natutunan ko.	4.08	Mataas
5. sinusuri ko ang mga segment ng salita (panlapi) na hindi ko maintindihan para malaman ang kahulugan.	4.13	Mataas
Kabuoan	**4.12**	**Mataas**
Pagsusulat	**Mean**	**Deskripsyon**
Bilang isang mag-aaral,		
1. bago ako magsimulang magsulat, iniisip ko muna kung ano ang gusto kong sabihin.	4.30	Napakataas
2. isinusulat ko ang mga bagong pangungusap batay sa mga istruktura o parirala na aking naisaulo.	4.18	Mataas
3. humahanap ako ng teksbuk at gagamit ng mga pangungusap na katulad ng mga naroroon.	4.05	Mataas
4. binasa kong muli ang aking isinulat bago ako magpatuloy sa pagsusulat.	4.24	Napakataas
5. kapag magsusulat ay gumagamit ako ng ilang aklat o notebook.	4.12	Mataas
Kabuoan	**4.18**	**Mataas**
Pagsasalita	**Mean**	**Deskripsyon**
Bilang isang mag-aaral,		
1. iniisip at isinasalin ko muna sa unang wika ang gusto kong ipahayag bago magsalita.	4.16	Mataas
2. binibigyan-tuon ko ang intonasyon sa pagsasalita ng wikang Filipino.	4.12	Mataas
3. kapag nagsasalita ako, gumagamit ako ng mga salitang Filipino na narinig ko sa mga kanta o sa klase.	3.99	Mataas
4. hinihiling ko na ulitin at ipaliwanag sa akin ang gusto niyang iparating.	4.10	Mataas
5. hinihiling ko sa nagsasalita na bagalan ang kanyang pagsasalita upang lubos ko siyang maintindihan.	4.08	Mataas
Kabuoan	**4.09**	**Mataas**
Indikeytor	**Mean**	**Deskripsyon**
Pagpapaunlad sa Pangkalahatang Antas ng Kaalaman sa Wikang Filipino	4.22	Napakataas
Pambokabularyong Pagkatuto	3.91	Mataas
Gramatikang Pag-aaral	3.99	Mataas

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Pagbabasa	4.19	Mataas
Pagsusulat	4.18	Mataas
Pagsasalita	4.09	Mataas
Kabuoan	**4.11**	**Mataas**

Antas ng Pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral
Ang antas ng pagkatuto ng wikang Filipino ay nagtamo ng kabuoang *mean* na mataas. Ang pagkakaroon ng mataas na antas nito ay dulot ng mga pahayag na may deskriptong antas na mataas nang isinailalim ang bawat indikeytor nito sa pagsusuri.

Umayon ang resultang pag-aaral na ito sa pananaw nina Erturk at Ozdemir (2022), na kinikilala ang mga salik tulad ng edad, kasarian, kakayahan, motibasyon, istilo ng pag-iisip, at mga pamamaraan ng pagtuturo bilang mahalaga sa paghubog ng resulta ng pagkatuto ng wika. Hinahamon nito ang mga guro na unawain ang mga salik na ito upang higit na matulungan ang mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto.

Dagdag pa, sa pag-aaral ni Suman (2023) na ang pagkatuto ng wika ay maaaring mapabuti at mapabilis nang mas epektibo kung ito ay itinuturing bilang isang kasanayan na dapat matutuhan at isang kaugalian na dapat likhain. Ito ay nangangailangan ng oras, pasensya, at dedikadong pagsisikap.

Kaugnay din sa pag-aaral ni Bernaldez (2022) tungkol sa mga Senior High School na mag-aaral sa pampublikong paaralan sa Davao City ay may mataas na antas ng pagkatuto ng wikang Filipino, na may kabuoang mean na 3.50. Iminumungkahi ang pagpapaunlad ng kaalaman sa gramatika, pagsasalita, at pangkalahatang kaalaman sa Filipino.
Antas ng Epekto ng Multimodal na Kagamitang Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Mayoryang Filipino

Talahanayan 15

Pagpapahayag ng Sarili Gamit ang Estrukturang Multimodal	**Mean**	**Deskripsyon**
Bilang isang mag-aaral,		
1. sistematikong inaayos ko ang aking mga ideya sa presentasyon, sa tulong ng iba't ibang elementong bisuwal (tulad ng mga talahanayan at mga grapiko).	4.15	Mataas
2. naghahanda ako ng interaktibong presentasyon na gumagamit ng musika, bisuwal, at animasyon.	3.97	Mataas
3. gumagamit ako ng iba’t ibang elemento tulad ng musika at imahe sa presentasyon na nagpapadali sa aking punto.	3.95	Mataas
4. gumagamit ako ng mga bisuwal tulad ng mga grapiko, talahanayan, larawan, at litrato sa aking sulatin.	4.16	Mataas
5. mas naipahahayag ko ang aking sarili sa kapaligiran kung saan ang pagsulat, tunog, at mga larawan ay sabay na umuusbong.	4.09	Mataas
Kabuoan	**4.06**	**Mataas**
Interpretasyon ng mga Nilalaman na Iniharap sa Estrukturang Multimodal	**Mean**	**Deskripsyon**
Bilang isang mag-aaral,		
1. iniuugnay ko ang iba’t ibang bisuwal at berbal na impormasyon sa iba’t ibang kasangkapang pangmidya.	4.10	Mataas
2. binibigyan-kahulugan ko ang impormasyong nakukuha ko mula sa iba’t ibang mapagkukunan.	4.11	Mataas
3. nakapagpapasya ako kung ang nilalamang ipinakita sa iba’t ibang midya ay totoo o hindi.	4.06	Mataas
4. iniuugnay ko ang impormasyon kung saan ako ay may magagamit na bisuwal at awditoryong elemento.	4.00	Mataas
5. napagtanto ko kung paano naiimpluwensyahan ang mga indibidwal ng mga bisuwal, awditoryo, at nakasulat na elemento.	4.08	Mataas
Kabuoan	**4.07**	**Mataas**
Pinipiling Multimodal na Estruktura	**Mean**	**Deskripsyon**
Bilang isang mag-aaral,		
1. nababagot ako sa komunikasyon kapag ang mga nakasulat, naririnig, at nakikita na mga elemento ay ginagamit nang magkasama.	3.47	Mataas
2. naaabala ako sa elektronikong kapaligiran kung saan ang mga bisuwal, awditoryo, at nakasulat na mga elemento ay ginagamit nang magkasama.	3.48	Mataas
3. tinatamad ako kapag magkasamang ginagamit ang bisuwal, awditoryo, at nakasulat na elemento.	3.15	Katamtaman
4. hindi ko gustong subukang bigyan-kahulugan ang mga imahe, tunog, grapiko, at sulatin nang sabay-sabay.	3.12	Katamtaman

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

5. naniniwala lang ako sa kapangyarihan ng berbal na pagpapahayag kapag ibinabahagi ko ang aking mga ideya.	3.60	Mataas
Kabuoan	**3.37**	**Katamtaman**

Indikeytor	**Mean**	**Deskripsyon**
Pagpapahayag ng Sarili Gamit ang Estrukturang Multimodal	4.06	Mataas
Interpretasyon ng mga Nilalaman na Iniharap sa Estrukturang Multimodal	4.07	Mataas
Pinipiling Multimodal na Estruktura	3.37	Katamtaman
Kabuoan	**3.83**	**Mataas**

Antas ng Epekto ng Multimodal na Kagamitang Pagkatuto

Ang antas ng epekto ng multimodal na kagamitang pagkatuto ay nagtamo ng kabuoang mean na mataas, batay sa pagsusuri ng bawat indikeytor. Ipinakita ng resulta na madalas itong ginagamit ng mga mag-aaral, na nagpapahiwatig na madalas na ginagamit ang multimodal na kagamitan sa pagkatuto ng wikang Filipino.

Kagaya ito ng pag-aaral ni Fiftinova et al. (2022), lumabas sa resulta na nagpapahiwatig na ang antas ng multimodal literasi ng mga mag-aaral ay kategorisadong mataas. At ayon sa pananaw ng mga lektor, ang mga mag-aaral ay nagpakita ng positibong pananaw sa multimodal na pagsusulat at samakatuwid ay nagtagumpay sa kanilang *multimodal digital fiction.*

Gayundin, ang pag-aaral nina Pramono at Suherdi (2019) ay nagpapakita na ang mga magiging guro sa Ingles ay mayroong mataas na antas ng multimodal na kagamitang pagkatuto at ang kakayahan at kaalaman ay nagpapabuti nang tuwiran sa dami ng oras na ginugol sa internet, sa akademikong taon, at kasarian. Ngunit sa pag-aaral nina Elf et al. (2018) hinggil sa kurikulum ng Swedish, natuklasang hindi tuwirang binabanggit ang multimodalidad at hindi rin ito binibigyang pansin sa mga kamakailang pagbabago sa edukasyon. Isa sa mga mahalagang konklusyon ng pag-aaral ay ang paglipat ng pansin mula sa pasibong pagtanggap tungo sa aktibong paglikha ng mga mag-aaral sa mga multimodal na produksyon.

Talahanayan 19
Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Midya Literasi at Pagkatuto ng Wikang Filipino

Variables Correlated	**Mean**	**r-value**	**p-value**	**Decision @=0.05**
Midya Literasi	4.03	0.690	<.001	*H_o Rejected*
Pagkatuto ng Wikang Filipino	4.11			

Talahanayan 20
Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Midya Literasi at Multimodal na Kagamitang Pagkatuto

Variables Correlated	**Mean**	**r-value**	**p-value**	**Decision @=0.05**
Midya Literasi	4.03	0.572	<.001	*H_o Rejected*
Multimodal na Kagamitang Pagkatuto	3.83			

Talahanayan 21
Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ngMultimodal na Kagamitang Pagkatuto at Pagkatuto ng Wikang Filipino

Variables Correlated	**Mean**	**r-value**	**p-value**	**Decision @=0.05**
Multimodal na Kagamitang Pagkatuto	3.83	0.472	<.001	*H_o Rejected*
Pagkatuto ng Wikang Filipino	4.11			

Mediation Analysis

Talahanayan 22
Direct Effects

					95% Confidence Interval	
	Estimate	**Std. Error**	**z-value**	**p**	**Lower**	**Upper**
IV → DV	1.276	0.134	9.499	<.001	1.013	1.539

Ipinapakita sa Talahanayan 22 ang *direct effect* ng midya literasi (IV) sa pagkatuto ng wikang Filipino (DV). Lumabas sa resulta na tinatayang 1.276 at *standard error* (SE) 0.134 na may katumbas na p na <.001. Dagdag dito, nakikita sa talahanayan na sa bawat pagtaas ng unit ng malayang baryabol ay nagkakaroon din ng pagtaas ng 1.276 sa di-malayang baryabol. At ang *direct effect* ay may kabuluhan sapagkat nakikita sa talahanayan na sa antas ng kahalagahan na 0.05 [1.013, 1.539]

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ay walang zero na kasali. Ibig sabihin, ang malayang baryabol ay may kabuluhang epekto sa di-malayang baryabol.

Talahanayan 23
Indirect Effects

					95% Confidence Interval	
	Estimate	**Std. Error**	**z-value**	**p**	**Lower**	**Upper**
IV → MV → DV	0.134	0.078	1.713	0.087	-0.019	0.287

Nakikita rin sa Talahayan 23 ang *indirect effect* ng midya literasi (IV) sa multimodal na kagamitang pagkatuto (MV) at sa pagkatuto ng wikang Filipino (DV). Sa resulta, ang beta ay 0.134 at *standard error* (SE) na 0.078 na may p=0.087. Sa 0.05 na antas ng kahalagahan, ang *null hypothesis* nito ay *accepted* o tinatanggap. Ipinapahiwatig sa resulta na walang kabuluhang epekto ang malayang baryabol sa di-malayang baryabol kapag mayroong *mediating* na baryabol na multimodal na kagamitang pagkatuto.

Talahanayan 24
Total Effects

					95% Confidence Interval	
	Estimate	**Std. Error**	**z-value**	**p**	**Lower**	**Upper**
MV → DV	1.410	0.111	12.685	<.001	1.192	1.628

Ipinapakita sa Talahanayan 24 ang *total effects* ng midya literasi (IV) sa pagkatuto ng wikang Filipino (DV). Ito ay may beta na 1.410 na mula sa pagsasama ng datos ng Talahayanan 22 at 23, *standard error* (SE) 0.111, at p<0.001. At ang *total effect* ay may kabuluhan sapagkat nakikita sa talahanayan na sa antas ng kahalagahan na 0.05 [1.192, 1.628] ay walang zero na kasali. Ipinapahiwatig sa resulta na ang midya literasi ay mayroong kabuluhang epekto sa pagkatuto ng wikang Filipino.

Talahanayan 25

Path Coefficients					95% Confidence Level	
	Estimate	Std. Error	z-value	p	Lower	Upper
Midya Literasi (IV) → Multimodal na Kagamitang Pagkatuto (MV)	1.168	0.126	9.274	<.001	0.921	1.415
Multimodal na Kagamitang Pagkatuto (MV) → Pagkatuto (DV)	0.115	0.066	1.743	0.081	-0.014	0.243
Midya Literasi (IV) → Pagkatuto (DV)	1.276	0.134	9.499	<.001	1.013	1.539

Karagdagan sa resulta ng pag-aaral, ang modelo sa Pigura 3 ay nagpapakita ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng midya literasi at pagkatuto ng wikang Filipino sa *mediation* ng multimodal na kagamitang pagkatuto. Sa Path A, ang midya literasi ay may kabuluhang ugnayan sa multimodal na kagamitang pagkatuto na may p<.001. Sa Path B, ang multimodal na kagamitang pagkatuto ay walang kabuluhang ugnayan sa pagkatuto ng wikang Filipino na may p=0.08. Sa Path C, ang midya literasi ay mayroong kabuluhang ugnayan sa pagkatuto ng wikang Filipino na may p<.001.

KONKLUSYON

Base sa mga resulta sa pananaliksik na ito, narito ang mga sumusunod na konklusyon:

Ang antas ng midya literasi ng mga mag-aaral sa BSEd Filipino ay mataas, na nagbigay sa kanila ng kakayahang maging aktibo sa pagkatuto ng wika at malinang ang kanilang abilidad sa pag-unawa, paglikha, at paggamit ng iba't ibang midyum. Mataas din ang antas ng pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral, na nagpapakita ng kanilang regular na pagtugon sa mga gawain at pagsasanay sa wika. Ito'y mahalaga sa kanilang propesyunal na pag-unlad at epektibong pagtuturo ng wika. Dagdag pa rito, mataas ang antas ng multimodal na kagamitang pagkatuto, na tumutulong sa kanila na maging aktibo at magkaroon ng mas personalisadong karanasan sa pagkatuto batay sa kanilang kakayahan at estilo.

Batay sa natuklasan ng pag-aaral, may makabuluhang ugnayan ang midya literasi at pagkatuto ng wikang Filipino. Pinatibay nito na ang midya literasi ay nakakaimpluwensya sa proseso ng pagkatuto ng wika, na nagtatakda ng mahalagang relasyon sa pagitan ng dalawang baryabol. Natuklasan din ang kabuluhang ugnayan sa pagitan ng midya literasi at multimodal na kagamitang pagkatuto, kung saan sabay na nagagamit ang dalawang ito sa proseso ng pagkatuto ng wikang Filipino.

Bukod dito, nakita rin ang makabuluhang ugnayan ng multimodal na kagamitang pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino. Ang epektibong paggamit ng mga kagamitang ito ay nakakatulong sa pagpapabuti ng kaalaman at kasanayan sa wika sa pamamagitan ng estrukturang multimodal, interpretasyon ng nilalaman, at pagpili ng naaangkop na midya. Samakatuwid,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ang multimodal na kagamitang pagkatuto ay mahalaga sa pagpapahusay ng pagkatuto ng wikang Filipino.

Dagdag pa rito, isiniwalat ng mediation analysis na ang multimodal na kagamitang pagkatuto ay hindi bahagyang nakakaapekto sa ugnayan ng midya literasi at pagkatuto ng wikang Filipino. Ipinapakita nito na ang kahusayan at karanasan sa pag-aaral ng wikang Filipino ay nakabatay sa midya literasi at pagkatuto ng wika, nang hindi kinakailangan ang multimodal na kagamitan upang maimpluwensyahan ang akademikong pagganap at kabuoang kahusayan ng mga mag-aaral.

Gayunpaman, sa konteksto ng resulta, ito ay nagpapahiwatig na sa ugnayan sa pagitan ng midya literasi at pagkatuto ng wikang Filipino ay walang kabuluhan sa *indirect pathway* sa pamamagitan ng multimodal na kagamitang pagkatuto, isang pahayag na sinuportahan ng pagtatantya sa isang makabuluhang di-tuwirang epekto ng mga nabanggit na baryabol.

TALASANGGUNIAN

1. *Bautista, W., et al., (2019). Filipino Language Proficiency of Senior High School students in Central Luzon Doctor's Hospital – Educational Institution. DOI: 10.9734/ajess/2023/v48i41091*
2. *Bernaldez, N. (2022). Modelong Panatayang Estruktural Sa Pagkatuto Ng Wikang Filipino. Volume II, Issue 5 May 2022, eISSN: 2799-0664.*
3. *Elf, N., Gilje, O., Olin-Scheller, C., & Slotte, A. (2018). Nordic status and research perspectives: Multimodality in governance documents and classroom practices.*
4. *Erturk, D., & Ozdemir, M. (2022). Analysis of the Effects of Factors, Which Affect Language Acquisition, on Four Basic Language Skills. Sakarya University Journal of Education, 12(1), 206-223.*
5. *Fiftinova, F., Heryana, N., Rosmalina, I. (2022). Exploring Lecturers' Standpoints in Composing Digital Fiction and Students' Multimodal Literacy Level. DOI: 10.18326/rgt.v15i2.264-283*
6. *Li, J., Brar, A., & Roihan, N. (2021). The use of digital technology to enhance language and literacy skills for Indigenous people: A systematic literature review. Computers and Education*
7. *Mapa, K. K. & Marbella, F. (2019). Ang Impluwensiya ng Midya sa Pag-Aaral ng Wika. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research. Vol. 7 No.1, 33-44. February 2019, Part II.*
8. *Namjaidee, N., & Dhammapissamai, P. (2022). An Online Program for Teacher Learning to Enhance Students' Media Literacy Skills. Education Quarterly Reviews, 5(2), 612-625.*
9. *Sari, D. P. and Fiftinova (2022) Students' Multimodal Literacy in Literature in ELT Subject at English Education Study Program of Sriwijaya University.*
10. *Suman, C. (2023). Students with Growth Mindset Are Good at Foreign Language Learning. 2. 1-23. 10.5281/zenodo.8154604*
11. *Tragant, E., Thompson, M. S., at Victori, M. (2013). Understanding foreign language learning strategies: A validation study Elsevier Ltd. System*
12. *Westman, P. (2019). Using Critical Media Literacy to support English Language Teaching and Practice. H2D. Revista de Humanidades Digitals. 1.10.21814/h2d.242.*
13. *Yamoto, K. (2022). An Overview of Online Contents for Filipino Language Learning: Focused on Online Dictionaries, e-learning Materials and e-book Contents. Frontier of Foreign Language Education, (5) 203-216.*
14. *Yamoto, K. (2023). Error Analysis of Existential and Possessive Verbal Constructions in Filipino Language: Focus on Grammatical Correctness of the Sentences among Intermediate Learners in Japan. Studies in Language and Culture.*
15. *Yasar, M. S., & Ari, G. (2023). Turkish Language Teacher Candidates' Multimodal Literacy Levels and Their Attitudes Towards Information and Communication Technologies. Sakarya University Journal of Education, 13(5- Special Issue - World Language Turkish), 916-932.*
16. *Yeleussiz, A. (2024). Exploring EFL Teachers' Perceptions of Media Literacy in Kazakhstan. Journal of Social Studies Education Research. 2024:15 (1), 282-316*